Download



# Taliba ng Bayan

MANGAHAS MAKIBAKA, MANGAHAS MAGTAGUMPAY!

Taon 3 Bilang 4 — Abril 15, 1974

Mga mandirigma ng BHB sa Isabela

## 2 kompanya ng AFP, nilipol ng NPA

### Namuno si Corpus

ILAGAN, Isabela (BHB) — Dalawang kompanya ng AFP—binubuo ng 200 opisyal at tauhan—ang nilipol ng Bagong Hukbong Bayan (BHB o NPA) sa pamamagitan ng mahusay na pag-ambus at matagalang labanan sa kagubatan ng Santiago, lalawigang ito, Pebrero.

Si Victor N. Corpus, dating tinyente ng PC at nagtapos sa Philippine Military Academy (PMA) na umanib sa BHB, ang namuno sa 70 regular na mandirigma ng BHB na lumipol sa dalawang kompanya ng 13th Batallion Combat Team (Philippine Army) at Task Force "Saranay".

Ang mga Pulang mandirigma ay gumamit ng mga walkie-talkie na dati nilang nasamsam mula sa kaaway. Sa pamamagitan nito, nalaman nila kung sino ang dumarating na kaaway at natiyak ang dami at kilos ng mga ito.

Naghintay ng magandang pagkakataon ang mga Pulang mandirigma. Pagkatapos, mula sa isang kubling posisyon ay pinaulanan nila ng punglo ang kaaway sa pamamagitan ng masinggang kalibre .30 at .50, ripleng M-14 at granada.

Ang tropa ng pasistang estado ay nasorpresa ngunit nakapagpaputok din. Pagkaraan ng dalawang oras na panayang labanan, kalahati ng tropa ng estado ang nalipol. Ang mga nakaligtas ay nataranta at nagsitakas.

Hinati-hati ng BHB sa mga iskwad ang pwersa nito. Sa sumunod na dalawang araw at gabi, tinugis nila at napatay ang mga sundalong tumakas.

Dahil sa pagkatalo sa Santiago, sumidhi ang pandarahas ng mga sundalo sa buong Isabela. Pinahirapan ang mga tagabaryo bilang paghihiganti ng militar sa pagsuporta nila sa BHB.

Bago nito, isang yunit ng BHB na kumikilos sa gitnang Isabela ang nakapatay ng apat na opisyal at tatlong tauhan ng AFP sa isang ambus. Ang mga opisyal ay nagsisimulang bagong tapos sa PMA na isinabak agad sa larangan.

Ang labanan sa Santiago noong Pebrero ay nagpapagunita sa isa

(sundan sa pahina 2)

### PANAWAGAN

Upang dumami ang kopya at maging regular, kailangang-kailangan ng Taliba ng Bayan ang tulong mula sa mga mambabasa nito. Kung maaring ang bayad sa diyaryo, anumang tulong pampinansiya, at mga balita ay ilagay sa isang sobre; isulat ang "Para sa Taliba ng Bayan"; at ibigay sa kinauukulang tao.

## Welga, ibalik

Ibalik ang karapatang magwelga.

Ito'y isa sa mga kahilingang idinulog kay Marcos ng Philippine Association of Free Labor Unions (PAFLU), isa sa pinakamalaking pederasyon ng paggawa sa Pilipinas.

Ang mga kahilingan ay nakapaloob sa isang pangkalahatang resolusyon na pinagtibay ng 120 lider-manggagawa sa isang pulong ng PAFLU sa Tondo, Maynila, Enero 20.

Ayon sa resolusyon, kailangan ng mga manggagawa ang karapatang magwelga "upang maging mabisa at makabuluhan ang malayang kolektibong pakikipagtawaran".

"Ang pangasiwaan ay malakas ang loob ngayon na magsuspindi at magdismiss ng mga manggagawa. Wala silang pangamba sapagkat hindi patas ang lakas ng unyon at pangasiwaan ngayon," pahayag ng isang lider manggagawa sa pulong sa Tondo.

Bukod sa pagbabalik ng karapatang magwelga, hiniling din ng PAFLU na:

—Bigyan ng allowance na ₱60 isang buwan, hindi lamang ang mga nagtatrabaho sa gobyerno kundi pati ang mga nasa pribadong kompanya.

—Muling buksan ang Komisyon sa Pasahod upang makapagtakda ng mas mataas na minimum na pasahod, batay sa industriya.

—Ipataw ang export control (kontrol sa pagluluwas) upang matiyak na hindi mapabayaan ang mga pangangailangan ng bansa, upang pigilan ang pagtaas ng presyo ng bilihin, at upang huwag lumala ang disempleo.

—Bawasan ang mga buwis sa mga inaangkat na produktong kailangan ng bansa.

—Dagdagan ang mga kinatawan ng manggagawa at ng tagakonsumong publiko sa Price Control Commission upang lalong mabisa ang komisyon.

—Itakda ang maksimum na tubo at limitahin ang porsiyento ng tubo na maaaring ilaan ng isang kompanya, upang ang sobrang tubo ay mapaghatian ng manggagawa at kapitalista.

DANTE L. AMBROSIO KOLEKSYON

[A Night Under Martial Law]

Download

374e6bdcca

Broken Knuckles full movie hd 1080p
Download Episode dated 1 December 2013 full movie in italian dubbed in Mp4
Super - Attento crimine!!! full movie hd download
free download una sporca faccenda, tenente Parker!
Snow Shark: Ancient Snow Beast online free
Moses: Death Chase movie free download in italian
the Episode 1.203 italian dubbed free download
Due vite in gioco download movies
Deep Impact full movie free download
download full movie Beverly Hills Cop II - Un piedipiatti a Beverly Hills II in italian